Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

# PAANO GAGAMITIN ANG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL PARA MAKAPAGLIGTAS NG MGA BUHAY?

## KUNG IKAW O ANG ISANG MAHAL SA BUHAY AY AKTIBONG NAKAKARANAS NG ISANG KRISIS AT NASA NAPIPINTONG PANGANIB NA MAGDULOT NG PINSALA SA SARILI O SA IBA, TUMAWAG SA 911.

*Nagbibigay ang dokumentong ito ng pangkalahatang kabuuang pananaw[1] sa paghain ng Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril. Para sa opisyal na impormasyon sa proseso ng aplikasyon, mangyaring sumangguni sa website ng **https://tinyurl.com/californiacourts**. Ang paghain ng kahilingan para sa Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril ay libre at ang mga form ay makukuha sa **https://tinyurl.com/californiacourts** at sa iyong **lokal na Nakatataas na Hukuman**, na maaaring may self-help center para magbigay ng karagdagang patnubay.*

**Para magsimula, alamin muna kung ikaw ay "nararapat na taga-petisyon."** Ang mga ito ay mga taga-California na legal na kuwalipikadong maghain ng kahilingan para sa isang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril. Kasama sa mga nararapat na taga-petisyon ang sumusunod na mga kategorya ng mga taong kaugnay ng o malapit sa may-ari ng armas na maaaring saktan sila o ang mga ibang tao:

- Isang miyembro ng pamilya o mahal sa buhay na nauugnay sa pamamagitan ng pagiging kadugo, kasal, o pag-aampon
- Sinumang kasalukuyang miyembro ng sambahayan/roommate
- Isang katrabaho
- Isang indibidwal na may child-in-common o may romantikong relasyon sa taong nasa krisis
- Tagapagpatupad ng batas, kabilang ang mga opisyal ng kapayapaan ng California
- Isang guro o empleyado sa middle school, high school, kolehiyo o unibersidad

*Kung hindi ka kumportableng maghain ng kahilingan para sa Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril mismo o hindi ka kuwalipikado bilang nararapat na taga-petisyon, maaari mong abisuhan ang tagapagpatupad ng batas na may inaalala kang taong maaaring saktan ang sarili nila o ibang tao. Ang isang opisyal ay maaaring mag-imbestiga at maghain ng petisyon, o humiling ng agaran, emergency na Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, kung nalaman nilang may mga batayan.*

## HAKBANG 1
## PUNAN ANG IYONG MGA FORM NG HUKUMAN AT MAGHANDA SA PAGHAHAIN

- May limang form na kailangang makumpleto para maghain ng kahilingan para sa isang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril. Mahahanap sila sa inyong **lokal na Nakatataas na Hukuman** o online sa **https://tinyurl.com/californiacourts**.
- Siguruhing isama ang sumusunod:
  - Bakit mo hinihingi ang utos
  - Bakit sa palagay mo ang tao ay nasa peligro ng pananakit ng sarili o pananakit sa ibang tao
  - Mga interaksiyon sa indibiduwal
  - Mga ibang anyo ng pamamagitan at paraan ng prebensiyon na nasubukan pero hindi gumana

**MAHALAGA:** Hindi kailangang isama ng mga taga-petisyon ang kanilang personal na address sa papeles ng hukuman. Gumamit ng hiwalay na address sa koreo kung ayaw mong makita ito ng taong nasa krisis.

Tingnan kung ang self-help center ng inyong lokal na Nakatataas na Hukuman ay tumutulong sa proseso ng Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril; maaari nitong marepaso ang papeles niyo bago kayo magpatuloy. Ang libreng legal na tulong ay maaaring makuha rin sa **CalBar.ca.gov**.

**Kailangan mo ng tatlo (3) man lang na kopya ng lahat ng mga form sa prosesong ito:** isa para sa iyo, isa para sa taong nasa krisis at isang orihinal na kopya para sa hukuman.

## HAKBANG 2
## IHAIN ANG IYONG MGA PAPEL NG HUKUMAN SA KLERK

- Kapag napunan mo ang lahat ng mga form mo, dalhin sila sa inyong **lokal na Nakatataas na Hukuman** para ihain ang kahilingan para sa utos. Dapat personal na gawin ang paghain.
  - Ihain sa county kung saan nakatira ang taong nasa krisis o sa county kung saan nangyari ang anumang mga banta o pinsala.
  - Mahahanap mo ang tanggapan ng klerk dito: **https://tinyurl.com/findmycourt**
  - Walang bayad sa paghain.

## HAKBANG 3
## KUNIN ANG IYONG MGA PAPELES MULA SA KLERK

- Kapag naisumite mo ang iyong papeles ng hukuman, rerepasuhin ito ng hurado.
  - Kakailanganin mong kunin ang iyong papeles ng hukuman matapos silang marepaso.
- Kapag nilagdaan ng hurado ang form, nangangahulugan ito na mayroon kang Pansamantalang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, na may bisa ng 21 araw.

    - Kung kailangan mong palawigin ang utos, dapat kang dumating sa petsa ng hukumang itinakda ng hurado para isaalang-alang ang pagbibigay ng utos na nagtatagal ng 1-hanggang-5 taon.

- Kapag hindi nagbigay ang hurado ng pansamantalang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril bago ang petsa mo sa hukuman, maaari pa ring magbigay ang hurado ng kautusan ng paghihigpit sa pagdinig sa hukuman. Dapat kang pumunta sa petsa ng hukuman mo para magbigay ang hurado ng mas matagal na kautusan ng paghihigpit.

## HAKBANG 4
## AYUSIN ANG PANSAMANTALANG KAUTUSAN SA PAGHIHIGPIT NA IHAHAIN SA TAONG NASA KRISIS

- Kung inaprubahan ng hurado, dapat ay may tao kang maghahain ng kopya sa pansamantalang kautusan sa taong nasa krisis. Hindi ka pinahihintulutang ihain ang utos.
- Maaaring mapanganib ang paghahain ng Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril. Nirerekomenda na ang opisyal sa pagpapatupad ng batas, tulad ng opisyal sa kapayapaan ng California, ang gumawa nito.
    - Pansamantalang aalisin ng opisyal ang lahat ng mga baril, magazine at amunisyon ng tao kapag hinahain ang mga papeles ng hukuman.
    - Hindi legal na makakabili ang indibiduwal ng anumang mga baril, amunisyon o mga magazine habang nakatalaga ang utos.

## HAKBANG 5
## MAGHANDA PARA SA IYONG PAGDINIG SA HUKUMAN

- Makalipas ang 21 araw, kung makakapili kang palawigin ang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril nang 1-hanggang-5 taon, o kung una kang natanggihan ng utos, maaasahan mo ang sumusunod sa pagdinig sa hukuman:
    - Tatanungin ka ng hurado at ang taong may krisis na isaad ang mga pangalan niyo.
    - Didinigin ng hurado ang magkabilang panig.
        - Magkaroon ng katibayan at mga saksing handang magpatunay.
    - Magpapasya ang hurado na alinman sa pahintulutan o tanggihan ang utos.

## HAKBANG 6
## MATAPOS ANG IYONG PAGDINIG SA HUKUMAN

- Kung ang kahilingan para sa 1-hanggang-5-taong Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril ay inaprubahan ng hurado, kumpletuhin ang GV-130 form, isumite ito sa hukuman, at makipag-ayos na ang mga papeles ng hukuman ay ihahain sa taong nasa krisis.
- Kapag binigyan ka ng hurado ng bagong petsa sa hukuman, siguruhin na pupunta ka sa petsang iyon para magpatuloy na humingi ng Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril.

- Kung HINDI inaprubahan ng hurado ang kahilingan mo, mas maraming dulugan ang magagamit mo sa **https://tinyurl.com/afterhearing** tulad ng:
    - Tumawag sa 211 para sa mga lokal na panlipunang serbisyong dulugan.
    - Tumawag sa 988 para sa National Suicide Prevention Line.
    - Tumawag sa 1-800-799-7233 para sa National Domestic Violence Hotline.
    - Kontakin ang lokal na tagapagpatupad ng batas kung patuloy kang takot na maaaring saktan ng tao ang sarili nila o ang ibang tao.

## IMPORMASYON SA MGA PAG-RENEW AT MAPAPASONG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

- Kung sa katapusan ng unang utos ay nag-aalala ka pa rin at gustong manatili ang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, kailangan mong hilingin sa korteng "i-renew" ito, na maaaring maitalaga ang utos ng 1-5 taon. Para humiling ng pag-renew, dapat mong punan ang dalawang form ng korte: isang **GV-700** at **GV-710** kasama ng kopya ng iyong GV-130.
- Ang mas detalyadong step by step na proseso at mga link sa lahat ng mga form ay mahahanap sa **https://www.courts.ca.gov/33681.htm**
- Kapag napaso ang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, ang taong nakatanggap ng utos ay maaaring kumontak sa mga hukuman para muling makuha ang mga armas nila kung kailangan. Higit pang impormasyon sa prosesong ito ay mahahanap sa **https://tinyurl.com/afterGVRO**

Para mahanap ang mga kailangang dokumento at/o higit pang impormasyon sa bawat hakbang ng proseso, mangyaring bumisita sa website ng California Courts sa **https://tinyurl.com/californiacourts**.